



衛生署

Department of Health

## Programang Cervical na Pagsusuri



### Ano ang sanhi ng cervical cancer?

Halos lahat ng cervical cancer ay sanhi ng patuloy na impeksiyon ng isa sa mga nagiging sanhi ng cancer o isa sa mga uri ng mga mataas na peligrong human papillomavirus (HPV). Ang HPV ay isang karaniwang impeksiyon na nakakaapekto sa sinumang taong aktibo sa gawaing sekswal. Karamihan sa mga may impeksiyon ng HPV ay hindi nagkakaroon ng anumang mga sintomas at ito ay kusang gumagaling. Ang ilang mga kababaihan na may namamalaging lubhang mapanganib na impeksyong HPV sa cervix ay bubuo ng mga pagbabago sa mga pre-cancerous na mga selula. Habang ang karamihan ng mga pagbabagong ito ay babalik sa normal, ang ilan ay maaaring humantong sa cancer sa paglipas ng mga taon. Ang mga dahilan ng panganib sa paglala ng mula sa impeksyong HPV sa cervical cancer ay kabilang ang:

- pagkakaroon ng maramihang mga sekswal na kasama, pakikipagtalik sa mas maagang edad, o pagkakaroon ng mga nakakahawang sakit na sekswal
- paninigarilyo
- napahinang panangga sa sakit tulad ng pagkaimpeksyon sa Human Immunodeficiency Virus (HIV)
- matagalang paggamit ng tabletang pang kontrasepsyon ng mahigit sa limang taon
- tumataas na pagluluwal (bilang ng ipinanganganak na bata) at nakakabatang edad sa unang pagbubuntis

Ang pinakamahalagang dahilan sa peligro ay ang hindi pagdalo sa regular na cervical na pagsusuri.

### Paano ako makakaiwas sa cervical cancer?

Ang pagsusuri sa cervical cancer ay nakakatuklas ng mga pre-cancerous na selula sa bago mabuo ang cancer. Kapag may natagpuang abnormal na mga selula, ito ay maaring gamutin. Ang pagkakaroon ng regular na cervical na pagsusuri ay ang pinaka-epektibong paraan upang maiwasan ang cervical cancer. Maaari mo ring babaan ang panganib ng pagkuha ng cervical cancer sa pamamagitan ng mga sumusunod na pangunahing mga hakbang sa pagpigil:

- Pagsasagawa ng ligtas na pakikipagtalik (tulad ng pag-iwas sa pagkakaroon ng maramihang sekswal na kasama at paggamit ng condom) upang mabawasan ang pagkakataon ng pagkuha ng impeksiyon na HPV at mga nakakahawang sakit na sekswal.
- Iwasan ang paninigarilyo
- Magpa HPV na bakuna bago umpisahan ng sekswal na gawain

### Ano ang cervical smear?

Ang cervical smear (pinangangalanan ding Pap smear) ay isang mabilis at simpleng pagsusuri upang matuklasan ng di-karaniwang pagbabago ng mga selula sa cervix. Ito ay tatagal lamang ng ilang minuto. Ang doktor o nars ay maglalagay ng isang espesyal na instrumento na tinatawag na espekulum sa ari ng babae pagkatapos ay malumanay na pupunasan ang ilang mga selula mula sa cervix gamit ang spatula o isang maliit na pamahid. Ang mga selula na ito ay ipapadala sa laboratoryo para masuri.

### **Sino ang nangangailangan ng pagsusuri sa cervical cancer?**

- Mga kababaihan na may edad na 25-64 anyos na nagkaroon ng sekswal na karanasan ay dapat na magkaroon ng regular na mga pagsusuri sa cervical cancer.
- Ang mga kababaihan na may edad na 65 anyos o pataas na may sekswal na karanasan, ngunit kailanman ay hindi nagpasuri cervical cancer ay dapat na makipag-usap sa doktor tungkol sa pagpapa-cervical smear, kahit na sila ay hindi na nireregla, walang sekswal na karanasan sa maraming taon o nagpa-sterilisasyon..
- Ang mga kababaihang may edad na mababa sa 25 anyos na may sekswal na karanasan at ang dahilan ng peligro para sa cervical cancer (tulad ng maramihang sekswal na kasama, paninigarilyo, napahinang panangga sa sakit) ay dapat na humingi ng payo mula sa mga doktor tungkol sa mga pangangailangan para sa pagsusuri sa cervical cancer.
- Ang mga kababaihan na naktanggap ng bakuna sa HPV ay kailangan pa rin ng regular na cervical na pagsusuri dahil ang bakuna sa HPV ay hindi nangangalaga laban sa mga uri ng HPV na hindi kabilang sa bakuna, o laban man sa mga umiiral na mga impeksyong HPV.
- Ang mga kababaihang hindi kailanman nagkaroon ng sekswal na karanasan ay hindi kailangan ng pagsusuri sa cervical cancer.
- Mga kababaihan na nagkaroon ng hysterectomy na may pagtanggap ng cervix para sa mga hindi malalalang sakit at walang nakaraang kasaysayan sa mga pagbabago sa cervix ay maaaring itigil ang pagsusuri.

Kung ikaw ay hindi sigurado, mangyaring kumonsulta sa doktor.

### **Kailan ako dapat magpasuri sa cervical cancer?**

- Ang lahat ng kababaihan na kailanman ay aktibo sa gawaing sekswal ay dapat magkaroon ng pagsusuri sa cervical cancer magmula sa edad na 25.
- Kung ang iyong unang resulta ng cervical smear ay normal, dapat kang magkaroon ng ikalawang smear pagkalipas ng 1 taon.
- Kung ang pangalawang resulta ng iyong smear ay normal, dapat kang magkaroon ng pag-uulit ng smear kada 3-taon.
- Kung mayroon kang anumang sintomas (tulad ng ‘di-normal na pagdurugo ng ari), ikaw ay dapat makipagkita kaagad sa doktor, kahit na ang huling resulta ng iyong smear ay normal.

### **Saan ako dapat magpasuri sa cervical cancer?**

Maaari mong bisitahin ang iyong doktor ng pamilya, mga gynaecologist, mga organisasyong ‘di pang-guberno, mga Sentro ng Kalusugan para sa Ina at Anak (MCHC) at mga Sentro Para sa Kalusugan ng mga Kababaihan ng Kagawarang Pangkalusugan para sa mga cervical smear. Kapag nais mong magkaroon ng cervical smear sa MCHC, mangyaring tawagan ang 24-oras na hotline ng Serbisyong Pagtataan sa Telepono sa Cervical na Pagsusuri: 3166 6631. Ang gabay sa pagtataan ay maaaring idiskarga mula sa

([www.fhs.gov.hk/english/main\\_ser/woman\\_health/phone\\_booking.html](http://www.fhs.gov.hk/english/main_ser/woman_health/phone_booking.html)).

### **Programang Cervical na Pagsusuri**

Ang Programang Cervical na Pagsusuri ay isang pangbuong-teritoryong programa sa pagsusuri na inilunsad ng Kagawarang Pangkalusugan sa pakikipagtulungan sa iba pang mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan upang hikayatin ang mga kababaihan na magkaroon ng regular na mga cervical na pagsusuri.

Ang CSP ay may nagtatag ng isang computerized central registry "[Sistema ng Impormasyon sa Cervical na Pagsusuri \(CSIS\)](#)" para sa pag-iimbak ng lahat ng mga data na may kaugnayan sa CSP, kabilang ang impormasyon ng mga kalahok, ang mga resulta ng smear at petsa ng susunod na smear na inirerekomenda ng mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan. Kapag ikaw ay nakarehistro sa CSP, ikaw ay maaaring mag login sa CSIS upang tingnan ang iyong mga rekord sa smear at matatanggap ang mga paalalang sulat bago dumating ang nakatakdang kasunod na smear.

Dahil ang mga indibidwal na mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan na nagbibigay ng serbisyong pagsusuri sa cervical cancer ay may magkaibang pamamaraan sa patatakda at singil sa serbisyo, kailangan mong direktang makipag-ugnay sa iyong propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan para sa katanungan at pag-aayos ng pagtatakda ng serbisyo.

Ang mga tumatanggap ng Komprehensibong Tulong para sa Panlipunang Seguridad (CSSA) ay isasantabi mula sa pagbabayad ng kanilang gastusin para sa pampublikong pangangalaga ng kalusugan sa sandaling ipapakita nila ang mabisang Sertipiko ng Tumatanggap ng Komprehensibong Tulong para sa Panlipunang Seguridad (para sa mga Medikal na Pagsasantabi). Ang mga 'di tumatanggap ng CSSA na mayroong kahirapang pinansyal sa pagbabayad ng mga medikal na gastusin ay maaaring isaalang-alang ang pag-apply para sa pagsasantabi singil pang-medikal sa mga pampublikong ospital at klinika. Para sa mga detalye, mangyaring makipag-ugnay sa mga Sentro ng Pinagsamang Serbisyong Pampamilya (IFSC) o sa mga Yunit ng Serbisyong Proteksyon para sa Pamilya at mga Bata (FCPSU) ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan o mga Yunit ng Serbisyong Medikal at Panlipunan ng mga pampublikong ospital at klinika.

Para sa karagdagang Impormasyon tungkol sa Programang Cervical na Pagsusuri, mangyaring bisitahin ang aming website sa: [www.cervicalscreening.gov.hk](http://www.cervicalscreening.gov.hk).

**Ang Regular na Pagsusuri, Pagpigil sa Cervical Cancer.**